

TULAREMIA

Hawaii State Department of Health

health.hawaii.gov

Para sa karagdagang impormasyon o pagsangguni
tumawag sa 2-1-1

Ano ang mga palatandaan ng TULAREMIA

Biglang paglagnat
Panginginig
Sakit sa ulo
Sakit sa mga kalamnan
Sakit sa mga kasukasuan
Pagubo ng tuyo
Panghihina
Pulmunya

Ang taong may pulmunya ay maaaring magkaroon ng pananakit sa dibdib at pagkakaroon ng dugo sa plema at kahirapan sa paghinga o di kayay panaka-nakang pagtigil ng paghinga.

Ilang palatandaan ng tularemia ay pagkakaroon ng pasa sa balat o sa bibig, pamamaga at pananakit ng mga “lymph glands”, pamamaga at pananakit ng mga mata, at pananakit ng lalamunan.

Ang mga palatandaan ay nagsisimula mula 3 hanggang 5 araw pagkatapos malantad sa bakterya ngunit maaaring tumagal ng 14 araw.

Ano ang tularemia?

Ang tularemia ay isang nakahahawang sakit na dulot ng bakteryang *Francisella tularensis*. Ito ay karaniwang nakikita sa mga hayop, lalong-lalu na sa mga kuneho o mga hayop na karaniwang ngumangatngat.

Papaano kumakalat ang tularemia?

Ang tularemia ay kumakalat sa pamamagitan ng:

- Pagkagat ng mga garapata, langaw (deerflies), lamok, at iba pang insektong na nakakagat sa mga kontaminadong mga hayop.
- Sa paghawak ng mga kontaminadong patay na hayop.
- Pagkain o paginom ng kontaminadong pagkain o tubig.
- Paglanghap sa mga bakterya ikinalat sa pamamagitan ng pagisprey.

Ang tularemia ay hindi nakahahawa: Hindi ito kumakalat mula sa isang tao patungo sa iba.

Ano ang mga palatandaan ng tularemia?

Ang mga palatandaan ng tularemia ay ang mga sumusunod:

Tagalog

- Biglang paglagnat
- Panginginig
- Sakit sa ulo
- Sakit sa mga kalamnan
- Sakit sa mga kasukasuan
- Pagubo ng tuyo
- Panghihina
- Pulmunya

Ang taong may pulmunya ay maaaring magkaroon ng pananakit sa dibdib at pagkakaroon ng dugo sa plema at kahirapan sa paghinga o di kayay panaka-nakang pagtigil ng paghinga.

Ilan pang palatandaan ng tularemia ay pagkakaroon ng pasa sa balat o sa bibig, pamamaga at pananakit ng mga "lymph glands", pamamaga at pananakit ng mga mata, at pananakit ng lalamunan.

Ang mga palatandaan ay nagsisimula mula 3 hanggang 5 araw pagkatapos malantad sa bakterya ngunit maaaring tumagal ng 14 araw.

Paano ginagamot ang tularemia?

Mas mabisa ang paggamot sa tularemia kapag ito ay sinimulan ng mas maaga sa pamamagitan ng mga antibayotikong inirereseta ng mga doktor. Anumang pagantala sa sa paginom ng mga gamot ay maaaring magpahina sa pagiwas sa panganib.

Mayroon bang bakuna para sa tularemia?

Sa nakalipas na mga taon, mayroong bakuna para sa tularemia ngunit ito ay limitadong ginagamit upang protektahan lamang ang mga manggagawa sa loob ng laboratoryo. Ang bakuna ito ay wala na dahil sa pangamba sa kaligtasan ng Food and Drug Administration.

Paano malalaman na ikaw ay nalantad sa tularemia?

Maaari malaman ang pagkalandad sa tularemia sa pamamagitan ng pagiksamen sa inyong laway o dugo. Ang kadalasang kaso ng tularemia ay resulta ng pakikipagkontak ng mga tao sa mga hayop na kontaminado nito o pagkakagat ng garapata o langaw na kontaminado ng sakit.

Ano ang dapat gawin kapag ikaw ay nalantad ng tularemia?

Humanap kaagad ng saklolong medikal. Sabihin sa inyong pangunahing tagapangalaga ang inyong inaakalang paglantad sa sakit. Ang sakit ay maaaring maging panganib kung ito ay hindi magagamot kaagad ng karampatang antibayotiko.

Saan makikita ang tularemia?

Tagalog

Ang tularemia ay kadalasang nakikita sa mga maysakit na hayop. Mayroong humigit-kumulang na 200 kaso ng tularemia sa mga tao sa Estados Unidos. Lahat ng mga kasong ito ay nasa mga rural na lugar at kadalasang ay galing sa mga kagat ng mga insektong kontaminado nito, tulad ng mga garapata o langaw, o di kaya'y sa paghawak ng mga hayop na ngumangatngat tulad ng kunejo o liyebre. Walang pangkasong naitala sa Hawai'i, tao o hayop man.

Bakit may pangamba sa paggamit ng tularemia na isang sandatang pangbayolohikal?

Ang bakteryang na siyang responsable sa pagkakaroon ng tularemia ay matibay at mabilis makahawa. Kaya nitong kumontra ng lamig at maaring manatiling buhay sa tubig ng ilang linggo. Ang bakterya ay karaniwang nakikita sa kapaligiran at maaaring ihiwalay upang paramihin. Ngunit, ang paggawa ng sandatang na maaaring isapoy sa hangin ay mahirap. Sa nakalipas, ang tularemia ay pinararami bilang sandata ng Estados Unidos, Unyong Soviet, at ng ibang mga bansa.

Maaari bang magkaroon ng tularemia ang mga alagang hayop?

Oo. Ang tularemia ay isang nakahahawang sakit na makikita sa hayop. Maaaring ikalat ng mga hayop na ito ang sakit sa pamamagitan ng mga kontaminadong mga insekto. Kung inaakalang nalantad ang mga alagang hayop, tumawag sa inyong beterenaryo.